# INISYATIBA SA PAGKUHA NG TAUHAN NA MAY PATAS NA PAGKAKATAON LA

## SHEET NG IMPORMASYON

**ANG ISANG TAGAPAG-EMPLEYO NA MAY SAMPU (10) O HIGIT PANG EMPLEYADO SA LUNGSOD NG LOS ANGELES AY HINDI MAKAKAPAGTANONG TUNGKOL SA KASAYSAYAN NG PAGIGING KRIMINAL NG ISANG APLIKANTE SA TRABAHO, SA ANUMANG PARAAN, MALIBAN KUNG AT HANGGANG SA MAY ISINAGAWANG MAY KONDISYONG ALOK NG TRABAHO SA APLIKANTE**

### APLIKASYON (AT PANAYAM kung ninanais)

Dapat ipinagbibigay-alam sa mga Aplikante sa mga posting ng trabaho at pangangalap na isasaalang-alang ang mga kwalipikadong indibidwal na may mga Kriminal na Kasayasyan.

### MAY KONDISYONG ALOK NG TRABAHO

Ang kondisyon lang dito ay matasa ang Kasaysayan ng Pagiging Kriminal ng Aplikante, kung mayroon man, at ang mga tungkulin at responsibilidad ng posisyon sa trabaho.

### CRIMINAL BACKGROUND CHECK (kung ninanais)

Maaaring kasama sa Ulat sa Kasaysayan ng Pagiging Kriminal (Criminal History Report) ang impormasyon tungkol sa mga record ng (mga) Paghatol ng maliit o malaking krimen na siyang dahilan kung bakit nailagay sa probation, namultahan, nakulong, na-parole ang Aplikante.

**MAAARING MAILAPAT ANG MGA PAGBUBUKOD MULA SA ILANG PARTIKULAR NA PAMAMARAAN SA PAG-APPLY NG TRABAHO.**
**BISITAHIN ANG AMING WEBSITE PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON.**

### PANG-INDIBIDWAL NA PAGTATASA (kung naaangkop)

Dapat isaalang-alang ang mga kwalipikasyon ng Aplikante sa dahilan ng "Mga Green Factor" ng Equal Opportunity Commission:

| | |
|---|---|
| **KATANGIAN AT KALUBHAAN** | pinsalang naidulot ng kriminal na pag-uugali |
| **ORAS** | tagal ng oras na lumipas mula noong nahatulan ng (mga) pagkakasala |
| **MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD SA TRABAHO** | mga mahahalagang gawain, kalagayan, at kapaligiran ng tungkulin sa trabaho |
| **MGA PAGHATOL** | mga pagkakahuli na hindi humantong sa paghatol ay hindi maisasaalang-alang sa mga desisyon sa pag-eempleyo. (Tingnan ang mga Panuntunan at Regulasyon para sa higit na impormasyon.) |

### PROSESO NG PATAS NA PAGKAKATAON (kung naaangkop)

Dapat magsagawa ang Tagapag-empleyo ng Pang-indibidwal na Pagtatasa na nagsasaalang-alang ng mga responsibilidad ng posisyon sa trabaho at ang Kasaysayan ng Pagiging Kriminal (Criminal History) ng Aplikante. Kung naiugnay nang wasto ng Pagtatasa ang partikular na mga aspeto ng Kasaysayan ng Pagiging Kriminal sa mga panganib na nauugnay sa mga tungkulin ng trabaho, ang Tagapag-empleyo ay dapat:

- magbigay sa Aplikante ng nakasulat na abiso ng iminumung kahing Hindi Magandang Pagkilos (Adverse Action), nakasulat na pagtatasa, sumusuportang dokumenta syon, at ang petsa kung kailan inabisuhan ang Aplikante.
- panatilihing bakante ang posisyon nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos ipaalam sa Aplikante.
- bigyan ang Aplikante ng pagkakataong magsumite ng dokumentasyon habang pinapanatiling bakante ang posisyon.

Dapat kasama sa dokumentasyon ng Aplikante ang mga halimbawa ng nauugnay na pang-indibidwal na katibayan (hal., paliwanag ng mga pangyayari, patunay ng rehabilitasyon, mga pagkakamali sa Kasaysayan ng Pagiging Kriminal (Criminal History), mga masasangguni, atbp.) at dapat suriin ng Tagapag-empleyo.

**BISITAHIN ANG WEBSITE NG EEOC (http://www.eeoc.gov/) UPANG MALAMAN ANG HIGIT PA TUNGKOL SA "MGA GREEN FACTOR" NG PATNUBAY SA PAGPAPATUPAD AT DOKUMENTASYON.**

### MULING PAGTATASA AT PANGHULING DESISYON (kung naaangkop)

Dapat suriin ng Tagapag-empleyo ang lahat ng dokumentasyong isinumite ng Aplikante, muling tasahin ang iminungkahing Hindi Magandang Pagkilos kaugnay ng natanggap na impormasyon, abisuhan ang Aplikante tungkol sa panghuling desisyon, at - kung naaangkop - magbigay ng nakasulat na abiso ng Hindi Magandang Pagkilos, kopya ng muling pagtatasa, sumusuportang dokumenta-syon, at petsa kung kailan inabisuhan ang Aplikante.Dapat magtabi ang Tagapag-empleyo ng mga kopya ng lahat ng nauugnay na record sa loob ng tatlong (3) taon.

**PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON, MAKIPAG-UGNAYAN SA OFFICE OF WAGE STANDARDS**

1-844-WAGESLA (924-3752) WAGESLA@LACITY.ORG BCA.LACITY.GOV/FAIR-CHANCE

Bilang isang nasasaklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas kaugnay ng mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nandidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatuwirang kaluwagan para matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.